DepEd ADVISORY No. 354, s. 2012
In compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
July 24, 2012

PAGTATANGHAL NG DULANG KATUTUBONG KWENTO

Ang *Trends & Techniques Resource Center and Training Services*, sa pakikipag-ugnayan sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), at sa pakikipagtulungan ng Masining na Kapisanang Pangkultura (MASKARA), Inc. kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika ay nakatakdang magtanghal ng serye ng dulang pamproduksyon sa iba't ibang paaralang elementary at sekondarya, pampubliko man o pampribadong paaralan sa bansa, na pinamagatang "*Katutubong Kwento*."

Ang layunin ng pagtatanghal ng dulang Katutubong Kwento na ito ay ang mga sumusunod:

1. maitampok ang pangangalaga, pagpapayaman at dinamikong ebolusyon ng isang pambansang kulturang Pilipino salig sa simulaing pagkakaisa sa pagkakaiba-iba sa kaligirang malaya, artistiko at intelektwal na pagpapahayag;
2. maipakilala ang mga pamanang historikal at kultural ng bansa sa pamamagitan ng iba't ibang mga tagpong nagpapakita ng mga katutubong sayaw, kagamitan, tradisyon at mga ritwal o seremonya;
3. maipalaganap ang paggamit ng wikang Filipino at mabigyang kahulugan at katuturan ang tema ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2012 na: "Tatag ng Wikang Filipino, Lakas ng Pagka-Pilipino;" at
4. maitampok ang kahalagahang estetiko ng sining sa pagtatanghal ng mga ganitong uri ng dulang klasikal.

Ang mga manonood ng dula ay ang mga mag-aaral mula sa paaralang elementarya at sekundarya, na pampubliko at pampribado, mga miyembro ng iba't ibang samahang pangwika at pang-edukasyon, mga gurong nagtuturo ng Filipino at ng mga asignaturang ang wikang panturo ay Filipino.

Para sa iba pang impormasyon, tumawag o makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

G. Robinson K. Cedre
Direktor ng Dula
Trends & Techniques Resource Center and Training Services
Mobile Phone Blg.: 0929-871-3379
E-mail Address: trends_techniques@yahoo.com
cedre_r@yahoo.com

Dr. Carmelita Abdurahman
Komisyoner
Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
Mobile Phone Blg.: 0908-137-1502